

Paghahatid ng Serbisyo

Nagbibigay ng buwanang pagpapatupad ng paglilingkod at pagsubaybay sa mga kagamitan ng teknolohiya at indibiduwal kung kinakailangan.

Ang tagapagbigay ng malayuang suporta ay magbibigay ng edukasyon at pagsasanay na makatutulong sa isang tao sa paggamit ng kagamitang pang-teknolohiya, gayundin ng pagsasanay para sa mga miyembro ng pamilya ng tao, tagapag-alaga, kawani, o iba pang taong nagbibigay ng likas o bayad na serbisyong suporta.

Ang mga Serbisyo ng Malayuang Suporta ay makukuha sa mga sumusunod na Waiver ng mga Serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad:

- Waiver ng Suporta sa Pamilya o (FSW).
- Waiver para sa Araw ng Matanda ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DDAD).
- Komprehensibong Waiver para sa mga Kapansanan sa Pag-unlad (CDD)



Ang impormasyon tungkol sa Serbisyong Malayuang Suporta ay nasa Nebraska Administrative Code.

Pamagat 403 NAC Kabanata 4, 5, at 6

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin: <https://dhhs.ne.gov/>



Kagawaran ng Kalusugan at
Serbisyong Pantao ng
Nebraska


Dibisyon ng Pagpapaunlad at mga
Kapansanan

NEBRASKA

Good Life. Great Mission.

DEPT. OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

Serbisyo ng Malayuang Suporta



Kahulugan

Ang Malayuang Suporta ay isang serbisyo na gumagamit ng teknolohiya upang magbigay ng agarang tulong, pagsusubay-bay, at komunikasyon nang hindi nangangailangan ng personal na kawani. Ang malayuang suporta ay ibinibigay sa pribadong tahanan at komunidad ng kalahok, at hindi sa isang lugar na pagmamay-ari o inuupahan, pinatatakbo, o pinamamahalaan ng isang tagapagbigay ng serbisyo. Pinahihintulutan nito ang mga indibidwal na mapanatili ang kanilang kalayaan habang nananatiling konektado sa mga propesyonal na nagbibigay ng suporta kapag kinakailangan.

Ang malalayuang suporta ay hindi ginagamit para sa tuloy-tuloy na pagbabantay sa isang indibidwal.

Sino ang Makikinabang

- Mga indibidwal na lumilipat patungo sa pamumuhay nang mag-isa
- Yaong mga nagnanais ng higit na pribadong buhay samantalang nagpapanatili ng suporta
- Mga pamilya na naghahanap ng karagdagang tulong para sa kanilang mga mahal sa buhay



Mga Benepisyo ng Malayuang Suporta

- **Higit pang Kalayaan**
 - Maaaring mamuhay nang mas malaya ang mga indibidwal kasabay ng katiyakan na may makakatulong kapag kinakailangan.
- **Pinalakas na Kaligtasan at Seguridad**
 - Tinitiyak ng teknolohiya ang mabilis na pagtugon sa mga emerhensiya o posibleng panganib
- **Abot-kaya**
 - Binabawasan ang pangangailangan para sa 24/7 na onsite na kawani habang pinanatili ang mataas na kalidad ng suporta
- **Kakayahang Bumagay**
 - Ang mga serbisyo ay maaaring ayusin batay sa nagbabago na mga pangangailangan at mga antas ng kalayaan
- **Kapayapaan ng Isip**
 - Makaaasa ang mga indibidwal at kanilang mga mahal sa buhay na ang suporta ay madaling maabot sa pamamagitan ng isang tawag.

Kasama sa Mga Malayuang Suporta

- **Konsultasyon:** Kinakailangang masuri ng provider ang mga indibidwal, kasama ang mga rekomendasyon mula sa koponan ng PCP. Tinitiyak nito ang isang may kaalaman na pagpili hinggil sa kagamitan na makakatugon sa mga pangangailangan ng indibidwal
- **Kagamitan:** Ang uri ng kagamitan at kung saan ito ilalagay ay nakabatay sa pangangailangan at kagustuhan ng indibidwal at ng kanilang tagapag-alaga (kung naaangkop)

Mga pagpipilian sa kagamitan

Ang kagamitang gagamitin upang matugunan ang kinakailangang ito ay dapat may isa o higit pa sa mga sumusunod na sistema:

- Sistema ng Pagtuklas ng Galaw
- Pagkilala sa pamamagitan ng radio frequency
- Live na video
- Live na audio
- Pagsubaybay gamit ang GPS
- Web-based na Sistema ng Pagsubaybay
- Isang kagamitan na nakatutugon sa kinakailangan para sa dalawang-panig na komunikasyon

Paano Ito Gumagana

- **Dalawang-panig ng Komunikasyon:** Ang video o audio na koneksyon ng serbisyo ay nagbibigay-daan sa mga indibidwal na makipag-ugnayan sa mga kawani ng suporta
- **Mga Alerto sa Kaligtasan at Pagsubaybay:** Nakakatukoy ng pagkadapa, nagbibigay ng paalala sa pag-inom ng gamot, at iba pang mahahalagang gawain ang mga sensor at smart technology
- **Nakatakda at Agarang Suporta:** May nakatakdaang oras para sa pagbibigay ng tulong o bilang tugon sa mga partikular na pangangailangan.
- **Iniakmang Plano ng Pangangalaga:** Iniakma ang mga serbisyo batay sa mga layunin, kagustuhan, at pang-araw-araw na gawain ng tao.